IKALAWANG MARKAHANG PAGSUSULIT SA ESP-V

Pangalan :______________________________ Petsa: ______________________

Baitang/Seksyon: _______________________Guro : ________________________

GOODLUCK

Panuto: Basahin ng maayos ang sumusunod na tanong.Piliin ang tamang sagot.

1. Nabalitaan mong nasalanta ng bagyo ang iyong kaibigan.Ano ang gagawin mo?
   a. Hayaan na lang sila. b. Tulungan kung ano man ang kailangan nila.
   c. Sabihin sa mga kapitbahay. d. Isumbong sa pulis.
2. Ang taong may malasakit ay _______________ ng Diyos.
   a. kinalulugdan b. kinatatakutan c. kinagigiliwan d. kinakamusta
3. Alin sa sumusunod ang nagpapakita ng pagmamalasakit sa kapwa?
   a. Tulungan ang nasalanta ng bagyo. b. Suntukin ang kaaway.
   c. Huwag bigyan ng pagkain d. Pabayaan ang mga nangangailangan
4. Laging isaisip at __________ ang pagmamalasakit sa kapwa.
   a. iwanan b. ihiwalay c. iligtas d. isapuso
5. Nakita mong nakikipag-away ang iyong kapatid na lalaki sa loob ng paaralan. Ano ang gagawin mo?
   a. Suntukin ang kapatid b. suntukin ang kaaway ng kapatid mo.
   c. Awatin ang dalawang nag-aaway at kausapin d. Isumbong sa Principal
6. Alin sa sumusunod ang nagpapakita ng pagmamalasakit sa kapwa.
   a. Nakakita kayo ng pitaka ng iyong kaklase at hindi ninyo ibinalik.
   b. Napansin ninyong nagnakaw ng pera ang iyong kaklase at hinayaan niyo lang
   c. Nagluto si Nanay ng pagkain at binigyan niya ang inyong kapitbahay
   d. Nahuli mong hindi pumasok sa paaralan ang iyong kaklase.Hiyaan mo lang siyang gumala.
7. Nakita mong nagwawalis ng silid-aralan ang iyong guro.Ano ang gagawin mo?
   a. Kunin ang walis at ipagpatuloy ang paglilinis. b. Hayaan na lamang
   c. Iwasan na hindi ka niya makita. d. Sabihin sa iyong kaklase
8. Alin sa sumusunod na pahayag ang nagpapakita ng pakikipag-ugnayan sa kapwa?
   a.”Bakit ba nahuli ka na naman?”
   b. “Pilit kong inuunawa kung bakit ka nahuli,peronsana umalis ka ng bahay nang mas maaga.”
   c. Sana sa susunod hindi kana huli sa usapan natin,”
   d. “Tatlumpong minuto na akong naghihintay sa iyo.?
9. Ano ang nakahahadlang sa makabuluhang pakikipag-ugnayan sa kapwa?
   a. Kakayahan ng taong makibahagi sa mga gawaing panlipunan
   b. Kakayahang tugunan ang pangangailangan ng kapwa
   c. Pagkilala sa arili na mas matalino siya kaysa ibang tao.
   d. Pakikitungo sa iba sa paraang gusto mo ring pakitunguhan ka.
10. Nagiging kahinaan ng mga Pilipino ang pakikipagkapwa dahil sa _________
   a. Kakayahan nilang umunawa sa damdamin ng iba.
   b. Kanilang pagtanaw na utang –na-loob
   c. Kakayahan nilang makiramdam
   d. Kanilang pagiging emosyunal sa pakikisangkot
11. Binubully ni Alex ang inyong kaklaseng si Ara dahil ito ay mataba.Tinatawag niya itong “piggy piggy,oink.”Ano ang gagawin mo?
   a. Ipagbigay-alam sa guro b. Samahan si Alex sa kanyang ginagawa
   c. Huwag pansinin d. Isumbong sa pulis
12. Nakikipag-away ang iyong kaibigan sa likod ng silid-aralan.Ano ang gagawin mo?
   a. Sumali sa away b. Suntukin ang dalawang nag-aaway
   c. Sabihin sa guro ang iyong nakita d. Huwag makialam sa away nila
13. May nakita kang batang umiiyak malapit sa bahay niyo.Alin sa sumusunod ang dapat mong gawin?
   a. Tingnan na lamang ang batang umiiyak b. Sabihin sa iyong mga magulang.
   c. Hayaan na lamang ang bata d. Bahala siya sa buhay niya

14. May nakasalubong kang matandang babae na maraming pasa sa mukha at hindi makalakad ng maayos.Wala kang kasama.Ano ang gagawin mo para makatulong?

a. Humingi ng saklolo sa mga nakakasalubong ko
b. Wala akong balak na tulungan siya
c. Sabihin ko sa kanya na ayusin ang paglalakad
d. Bakit ko ba poproblemahin hindi ko siya kamag-anak

15. PInagsasalitaan ng hindi maganda ang iyong nakababatang kapatid ng iyong kapitbahay.Dahil nahuli nila itong namitas ng bulaklak.Ano ang kailangan mong gawin para hindi magalit ang iyong kapatid sa iyong kapitbahay?

a. Pagsabihan ko na hindi maganda ang mamitas ng bulaklak na hindi nagpapaalam
b. Hayaan ko na lang na magalit siya sa kapitbahay namin
c. Pagsasabihan ko na Huwag nalang intindihin ang kapitbahay
d. Ayokong makialam,problema nila yun

16. Nakita mong nahulog ng iyong kaklase ang kanyang pitaka, ano ang dapat mong gawin?

a. Tignan muna ang laman ng pitaka, kung ito ay may laman kumuha ng kaunti at ibaliK ito sa may ari.
b. Magkunwaring hindi mo ito nakita
c. Ibalik ito kaagad sa may ari.
d. Kung ito ay may laman na pera kunin ito at ipambili ng kahit ano,at itapon na ang pitaka sa basurahan

17. Lumiban ang iyong kaklase dahil siya ay nilalagnat. Nagpapahiram siya sa iyo ng inyong kwaderno, ano ang dapat mong gawin?

a. Ipahiram ito sa kaklase
b. Sabihing nawala ang iyong kwaderno
c. Magkunwaring lumiban ka din sa klase
d. Magkunwari kang walang narinig

18. Hindi sinasadyang nabasag ni Lina ang plorera ng kanyang guro, kaagad niya itong inamin na siya ang nakabasag ng plorera. Si Lina ay isang batang ______

a. Iyakin b.Mayabang c.Sinungaling d.Matapat o nagsasabi ng totoo

19.. Alin sa mga sumusunod ang wastong paraan ng pagsasabi ng kapintasan ng iyong kaibigan?

a. Sabihin sa iba ang kapintasan ng kaibigan.
b.Pintasin ang kaibigan dahil sa kanyang kapintasan
c. Ipagkalat ang kanyang kapintasan
d. Sabihin ito ng maayos o sa magandang paraan sa kaibigan.





20. May kaibigan ka may kapintasan na siya ay medyo nag-iiba ng amoy, ano ang dapat mong gawin
bilang kaibigan?

a.Sabihin ng maayos na medyo nag-iiba na ang kanyang amoy at kailangan na niyang gumamit ng deodorant
b.. Iwasan ang kaibigan
c.. Pagtawanan ang kaibigan
d. Ipagkalat ang kapintasan ng kaibigan sa iba




21. Dapat lang ba na tulungan ang tao dahil may hinihintay kang kapalit o inyong sisingilin balang araw?

A. Opo B. Hindi po C. Ewan ko po D. Wala sa nabanggit




22. Alam mong walang naisalba ang pamilya Mercado sa nagdaang sunog. Kung kaya ang iyong mga magulang ay tinulungan sila.

a.  b.  c.  d. 




23. Bilang batang iskawt lagi kang handing dumamay sa nangangailangan.

a.  b.  c.  d. 





24. Nakikilala mo ang iba't ibang mga pinsala na dulot ng likas na mga sakuna tulad ng sunog, lindol,bagyo baha at iba pang kalamidad at ikinatutuwa mo ang mga ito.

a.  b.  c.  d 

25. Naigupo ng bagyong Maring ang bahay nina Aling Charing. Dumalaw sina Kapitan Kiko at ang mga anak nito. Wika nila, " Ka Charing, narito na kami, pagtulung-tulungan nating iaayos iyan."

a.  b.  c.  d. 

26. Ipinag-ikot ng kapitan ng Baranggay na may parating na Bagyo kung kaya kayo ay pinalilikas sa mataas na lugar. Hindi mo inintindi ang sabi nang mga taga Barangay.

a.  b.  c.  d. 

27. Laganap sa Barangay Lihis ang larong Tong-It. Bata't matanda'y magha-maghapon sa sugal na ito, kaya laganap din ang nakawan sa pook na iyon. Alam mong pulis sa pook na iyon ang may palaro nito kaya ito'y matatag hindi nahuhuli.

a. Sang-ayon b. Hindi Sang-ayon c. Walang Pakialam d. Walang gagawin

28. Labandera ang Nanay mo sa pamilya nina Rigor. Sa kanila nanggagaling ang ikinaubuhay ninyo. Alam mong ang anak niya ay isang addict na nagnakaw ng cellphone ng inyong kapitbahay. Dahil sa ayaw mong magpatuloy ang masamang gawi ng anak nila, kung kaya tumistigo ka laban kay Rigor.

a. Hindi sang-ayon b. Sang-ayon c. Walang gagawin d. Walang pakialam

29. Nakita mo ang holdaper na siyang umagaw ng wallet ni Chichay na nanggaling sa palengke buhat sa kanyang pagtitinda. Sa takot mo sa holdaper ay hindi mo ituturo kung saan pumunta ang nanghold-up.

a. Sang-ayon b. Hindi Sang-ayon c. Walang Pakialam d. Walang gagawin

30. Kung kayo ay nakakita ng kahina-hinalang kilos ng mga tao sa inyong paaralan. Anong gagawin mo?

a. Magsawalang kibo upang hindi madawit
b. Magkibit balikat at huwag magsasalita kahit kanino
c. Ipagbigay alam kaagad sa guro upang walang mapahamak.
d. Tumahimik upang hindi paghinalaan nang masama

31. Alam mong nagtong-its ang mga kabataan sa isang liblib na lugar ano ang gagawin mo?

a. Isusumbong ko sa aming Barangay
b. Isusumbong ko sa iba pang mga grupo upang mag-away
c. Hindi ko ito pakikialaman upang hindi ako madamay.
d. Makikisali upang matuto ako sa paglalaro at ituro ko sa aking mga kaklase.

32. Narinig mo ang iyong kapitbahay na nag-aaway dahil sa pag-inom ng alak. Batid mong hindi maganda ang susunod na pangyayari kapag nagpatuloy pa ito.

a. Tatawag ako sa aming kapitbahay upang lalo pa silang mag-away
b. Tatawag ako sa Barangay upang masolusyunan ito kaagad.
c. Tatawag ako ng Media upang mapag usapan ito sa buong barangay.
d. Tatawag ako ng iba pang kapitbahay upang ikuwento sila.

33. Nahuli mo si Berto na kinukuha niya ang mga bote ng softdrinks na nasa tindahan ni Aling Iska, Binebenta ito niya sa Junk Shop nina Mang Roldan, Anong gagawin mo?

a. Isusumbong ko ito kina Aling Iska at Mang Roldan
b. Sasabihan ko si Berto na bigyan ako ng balato.
c. Hindi ko isusumbong baka masaktan pa ako.
d. Isusumbong ko upang makahingi ng pabuya.

34. Kung nakakita ka ng mandurukot sa loob ng Mall kanino mo ito ipagbibigay-alam?

a. Sa gwardiya ng Mall b. Sa Barangay
c. Sa ibang mga tao d. Hindi ko ito ipagpapa-alam

35. Nag-ikot ang Barangay patrol sa inyong lugar at ipinagtatanong kung may kaguluhan sa inyong lugar. Itinatanggi ito ng mga naunang pinagtanungan. Ano ang gagawin mo?

a. Mag- maang maangan c. Magsasawalang kibo
b. Sasabihin ang katotohanan d. Itatanggi ang pangyayari

36.Naririnig mong nagkakagulo ang iyong mga kapit-bahay. Masarap matulog dahil malamig ang panahon kung kaya ayaw mong maistorbo.

a. Mabuting gawi c. Masamang Gawi
b. Mabuting pag-uugali d. Makakatulong ito kung hindi kikibo.

37.Ano ang iyong gagawin kung ikaw ay nakakaita ng isang katutubo na sumasayaw sa parke?

a. Pagtawanan sila dahil sa kanilang kakaibang kasuotan
b. Batuhin dahil nakakahiya sila
c. Igalang at respetuhin dahil sila ay tao din na may pusong masaktan
d. Hayaan sila sa kanilang ginagawa

38. May dayuhan na dumating sa ating bansa at nagtatanong sa iyo ng direksyon.Ano ang dapat mong gawin?

a. Iwasan ko sila dahil hindi ko sila maintindihan
b. Tatakbo ako sa likod ng bahay at magtago
c. Humingi ng saklolo sa taong marunong makipag-usap ng mga dayuhan
d. Hindi sila papansinin

39. Inutusan ka ng iyong Nanay na ihanda ang meryenda para sa panauhin ninyong dayuhan.Paano mo ito ibibigay sa kanila?

a. Ilagay na lang sa mesa at iwanan
b.Hayaang sila ang lumapit
c. Iabot sa kanila na nakangiti kahit hindi mo na sila kakausapin
d. Bahala sila sa buhay nila

40. Dumadalo ka sa pag-eensayo ng inyong grupo sa darating na Summer Basketball League.Nakita mo na sasalili ang iyong kaalitan noong isang araw.Ano ang gagawin mo?

a. Hindi ko papansinin b. Hayaan na lamang
c. Humingi ng tawad at kalimutan ang nangyari d. Suntukin at tadyakan

41. Ang magkakaibigan ay nagkaisang sumali sa patimpalak ng sayaw sa kanilang barangay.Ano ang ipinahihiwatig sa sitwasyon na ito.

a. Pakikipagkaibigan b.Pagmamahal c. Pagpapasalamat d. Pakikipag-away

42.Ano ang masasabi mo sa sitwasyong ito.”Buong pamilya nina Mang Cedring ay nagtanim ng mga puno bilang pakikilahok sa proyekto ng kanilang barangay”.

a. Ang kanilang pamilya ay masayahin
b. Ang kanilang pamilya ay magulo
c. Ang kanilang pamilya ay may pagmamahal at pagmamalasakit sa kapwa
d. Ang kanilang pamilya ay may trabaho

43. Ano ang nararapat mong gawin kung ang kaibigan mo ay nakikiisa sa pagtatanim ng halaman sa barangay?

a. tutulong sa kanila para madaling matapos b. manonood na lang ako ng TV
c. titigan sila sa kanilang ginagawa d. nakakatamad ang kanilang ginawa

44. Habang nanonood kayo ng paligsahan sa barangay narinig mo ang iyong kaibigan na wala nang ginawa kundi pintasan ang mga kalahok.Ano ang iyong gagawin?

a. Isumbong sa mga kalahok ng paligsahan
b. Sabihin ko sa mga magulang ko
c. Kausapin ko at pagsabihan na hindi maganda ang mamintas ng kapwa
d. Suntukin para tumahimiK

45. Ang bawat taong nilalang ay may _______________na tanging sarili lamang niya ang masusunod kung tama ba ito o mali ayon sa sarili niyang pananaw at kadahilanan.

a. ideya/opinion b. galit/poot c. isip/gawa d. hirap/tiis

46. Halimbawa may nasabing mga ideya/opinion ang iyong kaklase tungkol sa pag-uugali mo.Ano ang iyong sasabihin?

a. Respetuhin b. balewalain c. wala lang d. awayin

47. Pagtulong sa gawaing bahay na may ngiti sa mga labi habang ginagawa ito ay isang ___

a. malaswang Gawain b. magandang Gawain
c. magulong Gawain d. mahirap na Gawain

48. Marami sa mga gawaing pampaaralan ang nangangailangan ng pakikiisa ng mga bata upang maging matagumpay ito. Ilan dito ay sa mga paglalaro, paligsahan, pagdiriwang atbp.

a. tama po b. mali po c. hindi po ako cigurado d. hindi kop o alam

49. Pagsali ng paligsahan sa barangay ay kailangang __________________

a. sapilitan b. bukal sa puso c. tulakan d. agawan

50. Ipinagyayabang ang natatanging kakayahan mo sa iba ninyong kaibigan. Ano ang mararamdaman mo?

a. Masaya b. mabait c. malapit d. masungit

**“GOD BLESS”**

**IKALAWANG MARKAHAN**

**TALAAN NG ISPISIPIKASYON**
**ESP-V**

| LAYUNIN | BILANG NG AYTEM | BAHAGDAN | KINALALAGYAN NG AYTEM |
|---|---|---|---|
| 1. Nakapagsisimula ng pamumuno para makapagbigay ng kayang tulong para sa nangangailangan | 10<br>16 | 52% | 1-10<br>21-36 |
| 2.Nakapagbibigay-alam sa kinauukulan tungkol sa kaguluhan, at iba pa pagmamalasakit sa kapwa na sinasaktan/kinukutya/binubully) | 5<br>2 | 14% | 11-15<br>19-20 |
| 3. Nakapagpapakita ng paggalang sa mga dayuhan sa pamamagitan ng mabuting pagtanggap/pagtarato sa mga katutubo at mga dayuhan at paggalang sa natatanging kaugalian/paniniwala ng mga katutubo at dayuhang kakaiba sa kinagisnan | 3 | 6% | 37-39 |
| 4. Nakabubuo ng at nakapagpapahayag nang may Paggalang sa anumang ideya/opinion | 3<br>2 | 10% | 16-18<br>45-46 |
| 5.Nakikilahok sa mga patimpalak o paligsahan na ang layunin ay pakikipagkaibigan | 2<br>1<br>2 | 10% | 40-41<br>44<br>49-50 |
| 6. Nagagampanan nang buong husay ang anumang tungkulin sa programa o proyekto gamit ang anumang teknolohiya sa paaralan | 2<br>2 | 8% | 42-43<br>47-48 |
|  | 50 | 100% | 50 |